ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

Taon 3 • Blg. 2 Mayo 21-27, 2018 • P10.00

WANTED
TEACHER
Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

## Nakipagbarilan...
# KAWATAN, BUMULAGTA SA IKINASANG CHECKPOINT NG CAVITE POLICE

pahina 2



p.8

## HEART EVANGELISTA, TINIYAK NA MAGIGING MABUTING INA

400 DOH HEALTH WORKERS UNDERGOES PSYCHOSOCIAL TRAINING FOR DENGVAXIA AFFECTED AREAS IN CALABARZON p.4

GUMAHASA SA MISIS, TIMBOG SA CAVITE p.12

Face Off: PNP tangka ang pagresbak sa Army p.6

DOST-PCHRD *calls* for Thesis Grant Applications p.7

TAPAT NA SERBISYO SUKLI SA TIWALA NINYO- CHAIRMAN BERNARD GABRIEL pahina 11

PGC HOLDS THE 1ST JOB FAIR FOR SENIOR HIGH SCHOOL GRADUATES pahina 5

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0999-3050106

# *Nakipagbarilan...* KAWATAN, BUMULAGTA SA IKINASANG CHECKPOINT NG CAVITE POLICE

**EPEKTIBO ang pagpapatupad ng police checkpoint para sa pagtugis sa mga kriminal sa Cavite.**

Ito ay matapos na isang kawatan o magnanakaw ang napatay matapos manlaban at makipagbarilan sa mga pulis sa Alfonso, Cavite.

Nauna rito ay isang report ang natanggap ng pulisya hinggil sa isang grupo umano ng magnanakaw na nambiktima sa isang resort sa nasabing lugar.

Kaugnay nito ay kaagad na bumuo ng isang team ang Alfonso Municipal Police Station at nagresponde sa naturang lugar.

Bukod dito ay mabilis ding naglunsad ang Alfonso MPS ng police checkpoint.

Nabatid na ang naturang grupo ay napadaan sa ikinasang checkpoint.

Nang matukoy na may mga dalang baril ang mga suspek ay inatasan sila ng mga pulis na isuko ang kanilang mga armas at mga sarili.

Gayunman sa halip na sumuko ay naunang nagpaputok ang grupo kaya napilitan ang mga pulis na gumanti.

Sa kasagsagan ng engkuwentro ay nakuha umanong makatakas ng tatlo sa mga suspek.

Napag-alam na ang isang kasama ng tatlong suspek ay napaulat na napatay sa engkuwentro.

Sinusulat ito ay hindi pa natutukoy ang pagkakakilanlan ng napatay na suspek.

Nakuha sa pinangyarihan ng insidente ang ilang cellphone, relo, P15,000 cash money at baril. **MB**

## 'Takbuhan' sa Imus City

ISANG takbuhan na may temang 'Run For the Flag 4' ang nakatakda ngayong Linggo, Mayo 27, sa Imus City, Cavite.

Susulong at magsisimula ito ganap na alas-4:00 ng madaling-araw sa District Ayala Mall Anabu.

May pagkakataon pa sa mga nais lumahok dahil ang rehistrasyon ay mula Mayo 22 -25.

Maaaring magpatala sa 5/F Imus City Hall sa City Legal Office mula ala-1:00 hanggang ala-5:00 ng hapon.

Muling pinaaalala ng Imus City government na libre ang pagpapatala at magdala lang umano ng valid ID.

**Maaari rin umanong tumawag sa telepono bilang - (046) 471-0489 para sa iba pang impormasyon.**,

May kaukulang premyo para sa makakakopo ng una hangang ikatlong puwesto.

Ang naturang takbuhan ay nakabukas o nakalaan kahit residente sa ibang lugar gayunman ang mga mananalo ay tanging Imuseno lamang. **JB**

## Mga nagwaging kandidato nakasuporta sa UnladNoveleta

**Noveleta, Cavite** — Inihayag ng mga nagwaging kandidato nitong katatapos na Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) elections ang kanilang buong suporta sa programang UnladNoveleta na patuloy na pinalalakas ni Mayor Dino Reyes Chua.

Matapos ganap na maproklama ay nagkortesiya ang mga nahalal na opisyal ng barangay sa alkalde.

Malugod silang sinalubong at binati ni Mayor Chua kasabay ng munting salu-salo.

Sa nasabing pagtitipon ay tinalakay ang mga mahahalagang programa para sa kapakanan ng mga barangay na kanilang nasasakupan.

Kabilang sa mga dumalo ang bagong chairman ng Barangay San Rafael 1 na si Chairman Jun Sidocon.

Ganoon din sina Chairman Allan "Mistah" Villaluz ng Barangay San Juan 1 at Chairwoman Mayette Loja ng Barangay San Juan 2.

Nananawagan naman ang mga residente sa mga nagwaging kapitan para sa kaukulang aksiyon ng hinaing nila.

Ayon sa mga residente, ang mga maliliit na problema ay hindi na sana umano magpaulit-ulit pa.

Kabilang sa mga reklamo ay ang mga kanal na hindi umano nalilinis.

Bukod sa masamang amoy na idinudulot ay ang pangamba umano sa dengue dahil pinamumugaran ng mga lamok.

Ganoon din ang mga nakaparadang sasakyan sa mga maliliit na daanan o kalsada na sana ay maaksyunan umano ng mga bagong pamunuan.

Ang mga naturang reklamo ay pinatututukan ng alkalde sa lahat ng opisyal ng barangay. **RS**

## SK Mandatory Training sa Carmona

ILANG araw pagkatapos ng Barangay at Sangguniang Kabataan elections ay isinagawa na sa Carmona, Cavite ang SK Mandatory Training.

Ang naturang pagsasanay ay para sa mga bagong nahalal na opisyal ng Sangguniang Kabataan.

Pinangunahan ito ng Department of Interior and Local Government , National Youth Commission at iba pang sangay.

Kabilang sa mga nagturo at nagbigay ng gabay sina Mr. Leo Data (CLGOO - Trece Martires City), Mr. Reginaldo Revilla (MLGOO – Carmona), Ms. Alrea San Diego (Youth Development Officer IV), Ms. Leah Navarro, at Ms. Sherrlyn Rasdass (CvSU Naic).

Tinalakay sa naturang training ay may kinalaman sa Decentralization and Local Governance, SK History and Its Salient Features.

Gayundin ang Meeting and Resolution, Planning and Budgeting, Code of Conducts and Ethical Standards for Public Officials and Employees.

Pagkatapos ng pagsasanay ay nanumpa ang mga bagong halal na pinangunahan ni DILG Cavite Provincial Director Allan Benitez. **MB**







**SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE PROVINCIAL ORIENTATION:** To enhance the responsiveness and awareness on the guidelines and criteria on the Seal of Good Local Governance (SGLG), the Department of Interior and Local Government (DILG) facilitated the Provincial Orientation on SGLG on May 11, 2018 at the ceremonial hall of the provincial government in Trece Martires City. DILG-Cavite Provincial Director Allan Benitez and Ms. Josephine S. Dela Rosa, SGLG Provincial Focal Person discussed the 2018 SGLG assessment criteria, SGLG indicators and forms. LGPMS database accessing, creating accounts and online data entry was also clarified during the orientation. Provincial Administrator for Internal Affairs Renato Abutan welcomed the participants and encouraged each organization to strive harder to come up with the an excellent performance to get the SGLG award for the province of Cavite. According to the facilitators, it is important to understand the significance of the Seal to be familiar with the criteria and be accustomed with the implementation process, assessment tools and technology to be used. DILG has also explained why SGLG was implemented. It aims to influence good governance behaviour and local decision making, complement the Philippine development plan and upgrade governance standards. It was also tackled that targets for 2018 indicators comprised of financial administration, disaster preparedness, social protection, peace and order, business friendliness and competitiveness, environmental management and tourism, culture and the arts should be met to obtain the seal. – **(Gina Perlado Pereña-PICAD)**

# KAKAMPI MO ANG BATAS



Atty. Batas Mauricio

## 600 hektarya sa Boracay, puwedeng ipamigay

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "… Mamuhay tayo sa liwanag at huwag gugugulin ang panahon sa magulong pagsasaya at paglalasing, kahalayan at kalaswaan, sa alitan at inggitan…" (Roma 13:13, Bibliya).

-ooo-

**MGA NEGOSYANTENG MATAGAL NA SA BORACAY, DI PINAYAGANG MAKAKUHA NG MGA TITULO:** Batay sa naging desisyon ng Korte Suprema noong 2008 patungkol sa Boracay Island, maliwanag na hindi pinahintulutan ng hukuman ang maraming mga negosyante at higit na mas marami pang ibang mga tao na makapagpatitulo sa mga lupang kanilang pinusisyunan sa isla.

Sa mga kasong "Secretary of the DENR, et. al. vs. Mayor Jose Yap, et. al." G. R. No. No. 167707, October 08, 2008, at "Dr. Orlando Sacay, et. al. vs. Secretary of the DENR, et. al.", G.R. No. 173775, October 08, 2008, ipinahayag ng Korte Suprema na ang mga negosyanteng ito, at ang iba pang mga kasama nila, ay hindi kuwalipikado upang maging may-ari ng mga lupang kanilang pinusisyunan.

Ano ang mga dahilan? Una, sinabi ng Korte Suprema na noon kasing pumusisyon ang mga negosyanteng ito sa Boracay, ang mga lupa doon ay itinuturing pa ding "unclassified public forest"—o kagubatan na tanging ang gobyerno lamang ang may karapatang magmay-ari. Dahil diyan, kahit na inabot na ng napakatagal na panahon ang pamumusisyon ng nasabing mga negosyante, nananatili silang walang karapatan sa mga lupang yun.

-ooo-

**PAGGASTOS NG MILYONES UPANG PAGANDAHIN ANG BORACAY, HINDI BATAYAN SA PAGPAPATITULO NG LUPA SA ISLA:** Pangalawa, sinabi ng Korte Suprema na hindi nakapagpakita ng ebidensiya ang mga negosyanteng nagnais makapagpatitulo sa mga lupa sa Boracay na pinusisyunan nila, o nung mga taong nagbenta o nagbigay sa kanila ng mga lupa sa isla, ang kanilang mga lupa mula pa noong Junio 12, 1945.

Ipinaliwanag ng hukuman na kailangan kasing may katibayan na ang isang taong nagnanais magpatitulo ng mga lupa sa Boracay ay nandodoon na at gumagamit ng lupa noon pang Junio 12, 1945. Kung walang ganitong katibayan ang mga nagpapatitulo ng lupa, hindi sila pahihintulutang makakuha ng titulo.

Pangatlo, binalewala ng Korte Suprema ang sinabi ng mga negosyante na dapat na silang kilalanin bilang mga may-ari ng lupa sa Boracay dahil gumastos na sila ng daan-daang milyones upang pagyamanin o paunlarin ang isla. Hindi batayan sa batas ang paggastos ng pera para sa lupa upang mapatituluhan ito sa mga gumastos, dagdag pa ng hukuman.

-ooo-

**628.96 HEKTARYA SA BORACAY, IPAMIMIGAY SA KUWALIPIDO:** Magkaganunman, kinilala ng Korte Suprema ang ginawang proklamasyon (Proclamation 1064) noong 2006 ng Pangulong Arroyo na nagtatakda ng 400 hektarya bahagi ng Boracay bilang forest reserve (na mananatiling pag-aari ng gobyerno), at 628.96 hektarya ng mga lupa sa isla bilang mga lupang agrikultural, na pupuwedeng ipamigay sa mga kuwalipikadong tao.

Ang Proclamation 1064 ay may bisa, sapagkat ito ay naaayon sa batas, sabi ng hukuman. Pero, ang pagpapatitulo ng mga lupang ginawang pansakahan (628.96 hektarya) ay dapat ding sumunod sa mga alituntuning umiiral sa bansa sa ngayon. Ibig sabihin nito, yung mga inalisan ng Korte Suprema ng karapatang magpatitulo ay hindi na kailanman papayagang maging may-ari pa ng mga lupang kanila ng napusisyunan.

Lilitaw na ang 628.96 na hektaryang mga lupa ng Boracay na pupuwede ng ipamahagi ay maibibigay lamang sa ibang mga tao (o mga ordinaryong naninirahan at mga magsasaka sa Boracay, gaya ng ipinahayag ng Pangulong Duterte), at hindi sa mga negosyanteng ito, bagamat maaari ding mabigyan ng ilang mga karapatan ang nasabing mga negosyante.

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email. Promise, sasagot po agad ako. Email address kop o ay batasmauricio@yahoo.com o mmauriciojr111@gmail.com. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Mabuhay ang Barangay Alima

KUMUSTA po sa mga suki at sumusubaybay ng HANEP, at siyempre sa aking pitak.

Ilang isyu pong nagpahinga at hindi natunghayan ang SALUYOT sa pahayagang ito.

Sa kadahilanan pong bilang pagsunod sa regulasyon ng Commission on Elections.

Bilang kumandidatong punong-barangay ay itinatakda sa kagaya kong mamamahayag lalo at kolumnista ang hindi paglalathala sa panahon ng eleksiyon.

Alam naman natin na ang campaign period ay noong Mayo 4 hanggang Mayo 12 kaya naman April 30 – May 6 issue at May 7-13 issue ng HANEP ay hindi pa ako naglabas ng aking kolum.

Dapat nitong May 14- 20 issue ay puwede na subalit minabuti ko pa rin na hindi muna ilabas ang SALUYOT.

Kaya ngayon, heto at nagbabalik po sa inyo ang SALUYOT at mauling makaagapay ninyo.

Opo, ako ay kumandidatong chairman sa aming lugar sa Barangay Alima, Bacoor City, Cavite subalit hindi pinalad.

Sa kabila na ako ay natalo ay mistulang panalo pa rin ang aking naramdaman dahil sa napakaraming bagay na aking natutuhan sa tangkang pagpasok sa larangan ng pulitika.

Hindi pa man ay nakahanda na ang aking sarili sa maaaring kahinatnan, matalo o manalo man.

Alam naman natin na sa bawat laro o laban ay may nananalo at may natatalo.

Batid ko rin na mayroong dahilan ang Panginoong Diyos kung bakit talo o panalo.

Tulad ng aking pagtakbo, mayroong dahilan ang Panginoong Diyos kung bakit naisipan at nagpasya akong kumandidato.

Kagaya ng aking nasabi, hindi matatawaran o matutumbasan ang lahat ng natutunan ko sa panahon ng eleksiyon.

Muli ay taus-puso akong nagpapasalamat sa lahat ng sumuporta at naniwala sa aking senseridad at kakayahan.

Kasabay na rin ng malugod na pagbati hindi lamang sa mga nagwagi kundi maging sa mga nabigo sa katatapos na halalan.

Ang mahalaga ay ang pagkakaisa at dahil tapos na ang eleksiyon ay iwaksi ang kung ano man mayroong nakaukit sa dibdib.

Naniniwala naman ako na ang lahat ng kandidato ay para sa tapat at tamang paglilingkod sa mga tao o sa barangay ang hangarin.

Magkaisa po tayo at mabuhay ang Barangay Alima.

# EDITORYAL

## Hindi pa rin matatalino ang ilang botante?




**MAYROON pa rin barangay official na kahit nasa narco-list ay nanalo pa rin sa katatapos na Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) elections.**

**Pero malinaw naman ang pagkakasabi ni Philippine National Police (PNP) chief Director General Oscar Albayalde na hindi ligtas ang mga ito.**

**Ibig sabihin, sila ay isasailalim sa Tokhang operations batay sa pagsasagawa ng case build-up ng PNP.**

**Sa sandaling makakalap ng mga ebidensiya ay hahainan sila ng warrant of arrest o kaya naman ay magiging target ng drug operation.**

**Patuloy ang mahigpit na koordinasyon ng PNP sa Philippine Drug Enforcement Agency.**

**Ang malaking katanungan nga lamang sa usaping ito, sa kabila na sila ay nasa naturang talaan ay bakit nanalo pa rin?**

**Masasabi bang hindi pa rin matatalino ang ilang botante o sadyang mas malakas ang kapangyarihan ng salapi?**


HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
**ATTY. EUGENIO S. TUMULAK**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication



***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# 400 DOH HEALTH WORKERS UNDERGOES PSYCHOSOCIAL TRAINING FOR DENGVAXIA AFFECTED AREAS IN CALABARZON

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) started the three-day training for the first of eight batches of health workers for Psychosocial Intervention in preparation for community work in Dengvaxia affected communities in the region from May 9-11, 2018 in Timog Avenue, Quezon City.**

"Our health workers need to be mentally fit and prepared in order to facilitate effective management and communication among dengvaxia affected families. They must learn to exercise maximum tolerance, control their emotions, and be able to appease the anxieties of distressed parents," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

"We must reach out to each and every affected parent and ensure that they will be given the proper information and knowledge and assure them that the government is ready to provide assistance 24/7," he explained.

Janairo added that they will be training 400 health workers who will do community work and provide dialogues with parents of Dengvaxia Vaccinated Individuals (DVIs). This includes provincial health team leaders, development management officers, program managers, nurses, medical technologists, local health officers and barangay health workers. The training for the eight batches will conclude at the end of this month.

Among the objectives of the training is to develop the psychosocial skills of health workers in handling difficult cases including how to rebuild the thrust and confidence of families of DVIs.

It also provides safety measures for health workers so that they may not burn-out or be stressed out in dealing with unsympathetic and challenging clients.

"We will go house-to-house and provide proper and accurate information to the affected families and assure them that assistance and support will be given to them. "This approach will enable us to bring people's trust back to the programs of DOH, especially in immunization." Director Janairo emphasized.


"It is for the health department to provide the safety and protection of these affected children and ensure that they will receive the benefits and support that they deserve that is why we also need to enhance the skills of our health providers in order for them to provide effective management and assistance in dealing with the target clients," he concluded.




**SHOWING COMPASSION AND CONCERN FOR CHILDREN WITH SPECIAL NEEDS THRU THE MEDICAL AND DENTAL SERVICES:** In its effort to show compassion and concern to the children with special needs who have to undergo medical and dental services, the provincial government of Cavite led by Governor Boying Remulla thru the collaboration of the OPG-Extension and the Provincial Health Office rendered free checkups and dental services to the children and employees of the Chosen Children Village in Barangay Lalaan 2, Silang on May 15, 2018. Ms. Marilyn Naval, Executive Director of the Chosen Children Village echoed their gratefulness to the provincial government for bringing healthcare services to their village. Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) under its head, Ms. Felipa Servañez who requested the event were also present to assist other volunteers including doctors, dentists, nurses and technical staff from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital. A total of 139 patients were also given free tooth extraction, tooth filling, and oral prophylaxis aside from free checkups. Free vitamins and medicines were allocated to them by the provincial government which will be distributed by their resident physician, Dr. Erbito Asinas. — **(PICAD)**

## IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



# KORUPSIYON WALA NA BANG SOLUSYONSA LAHAT O MAYROON PA

Mula ng magkamulat tayo siguro sa mundong ito nadatnan na natin ang korupsiyon sa buhay ng mga pinoy na halos lahat ng sanghay sa pamahalaan at mapribado man naririnig na natin ang mga balitang pagsasamantala sa kaban ng bayan ng ilang mga opisyal at taong gobyerno maging mga ordinaryong tao nadadamay sa hanay ng pagsasamantala sa kapwa nya tao kanya-kanya pamamaraan nga lamang.

Mahilig tayo sa paghuhusga sa kapwa pero naitanong ba natin sa ating mga sarile kung tayo ba walang kasalan o malinis ba ang lahat na ating mga pinag gagawa sa buhay 100% walang ferpekto sa mundong ibabaw na ito lahat may mga kanya kanyang itinatago konsensya na lamang ang syang nakakaalam o ang may kapal na lumikha ang syang nakakabatid ng lahat at walang maililihim sino man sa atin.

Mulat din tayo sa kaplastikan ng mga taga gobyerno o ng isang pulitiko lalo na pagdating sa halalan na sila ang nangangampanya lahat ng buladas maririnig mo at nangangako na wag kayong mag 2 salita pag sila nasa pwesto na matapos masungkit ang isang sagrado mong buto na ipinagkatiwala lahat ng pangako nababale wala at nakalimutan kana kaya mahirap makatagpo ng totoong tao sa mundo.

Kasabihan nga sa pulitika the story repeat itself ang paratangan sa korupsyon ay paulit ulit lamang saang administrasyon ba ang malinis magmula sa mga Marcoses, Cory Aquino, Ramos, Erap, Arroyo, Noynoy Aquino, maging sa kasalukuyang administrasyon ni Pangulong Duterte sya mismo ang nagbubulgar sa mga Gabinete nito na may hinala sa korupsiyon kung kayat pinapagresign nya ang mga ito hanggat maaga kaysa iterminate sa tungkulin hinahawakan ng mga ito.

Ilan nabang mga gabinete ang mga nagsipagresign sa kanyang administrasyon at ilan pa sa ngayon ang mga pinaghihinalaang opisyal na pinaparatangan na sangkot sa korapsyon ang isa sa DOJ na nagpapalusot ito ng mga goldbars at mga alahas sa NAIA at isang taga DPWH na humihingi naman ng mga percentage sa mga contatista ng project ng gobyerno.

Masalimoot ang iba pang isyu tulad na lamang sa lantarang pag akusa ni Sen. Trillanes na pagkampi ni P-Duterte sa China nadi kumbinsido ang ibang senador sa mga pahayag ng presidente na mas pabor ito sa China at kontra naman sa America. So subaybayan na lamang natin ang susunod na mangyayari habang ang isyu naman kay dating Chief Justice Sereno ay matuldukan naat sa mga kaulisan trabahuin ng todo ang mga suwail na mga pinoy na nakikigumon sadroga.

Kaylan kaya titigil ang mga ito kapag natokhang na naman sila n gating mga kapulisan o tuloy tuloy parin sa kanilang mga bisyo.Magkaisa tayo tungo sa pagbabago tulad na lamang ng katatapos na BRGY. at SK Eleksyon masasampulan ulit ang mga involve na mga nanalo sa Brgy. Election na pwedeng hindi titigilan ng PNP ang may kaugnayan sa droga. Paano natin makamtan ang pagbabago na hinahangad natin pareho simulan natin sa mga sarili upang makamtan ito. Congratulations sa lahat ng mga nagsipanalo sa BRGY. at SK Election at better luck next time sa mga loser habang may buhay may pagasa.

Subaybayan po natin at ipanalangin na sanay mag milagro nga na walang mamamatay sa mga suspect at sa ating mga kapulisan maging mahinahon sa pagganap ng tungkulin at obligasyon tulad din ng mga gumagamit ng droga may pananagutan kayo sa batas ng tao at batas ng dios. Kung may pagkakataon sa mga suspect wag ng hintayin pa na may mangyayari sa inyo kung may oras pa tungo sa pagbabago ngayon na ang tamang panahon.Sa ating mga tagasubaybay ng dyariong hanep at ng programa natin sa dzrj 810 khz making sa oras ng 6 ng gabi hanggang alas 7 pm lunes hanggang byernes at magparticipate sa isyu na ating tinatalakay. Pls dial 8954460/8978374 o kayay mag send ng inyong mga mensahae sa cp no. 09154796581 at akin naming babasahin sa ere. Or email add. Jojodemetilla @yahoo.com salamat.

# PGC HOLDS THE 1ST JOB FAIR FOR SENIOR HIGH SCHOOL GRADUATES

**THE Provincial Government of Cavite thru the Provincial Public Employment Service Office in partnership with the Department of Education - Cavite facilitated the 1st Job Fair for Senior High School graduates at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City on May 10, 2018.**

More than 3,600 job vacancies were posted by thirteen (13) participating companies in the field of manufacturing, production, retail, merchandise, exporting and process outsourcing. Over 500 job seekers flocked at the job fair.

They have also availed various services offered by the national agencies including Social Security System (SSS), PhilHealth, and Pag IBIG Fund which can be used for their basic employment requirements.

In her short message, Ms. Cherry Lou D. De Mesa, Cavite Schools Division Superintendent stressed that the job fair will be an avenue to inspire the newly graduates and a technique to motivate the job seekers to have a good perspective in life with decent opportunities coming their way.

Two hundred applicants qualified for the first screening and were asked to report to different agencies for further assessment.

The event was also attended by personnel from the Department of Education (Dep-Ed-Cavite), Cavite Office of Public Safety (COPS), Provincial Information and Community Affairs Department **(PICAD) and General Services Office (GSO).**



# Lolo, dedo sa rumaragasang motorsiklo

PATAY ang isang 87-anyos na lolo nang mabangga ng isang rumaragasang motorsiklo habang tumatawid sa kalsada ang huli sa Tagaytay City, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa Ospital ng Tagayay ang biktimang si Porfirio Tolentino, isang US Citizen ng Block 9 Lot 7 Lauan St., Tagaytay Country Homes, Bargy., Neogan, Tagaytay City sanhi ng matinding pinsala sa katawan at ulo.

Arestado naman ang suspek na si John Marcelo, 46, binata, isang negosyante ng 246 Apitong St., Ayala Alabang Village, Muntinlupa City.

Sa report, dakong 9:30 ng umaga, minamaneho ni Marcelo ang kanyang Ducati Multistrada 1260 Pikes Peak na motorsiklo at habang binabagtas ang kahabaan ng Tagaytay-Nasugbu Road, Brgy., Neogan, Tagaytay City patungong Manila nang hindi napansin na tumawid ang biktima.

Dahil sa mabagal na pagtawid ng biktima at mabilis nitong pagmamaneho kaya hindi na nito nakontrol ang kanyang manibela kaya nabangga nito ang una.

Kasong Reckless Imprudence Resulting in Homicide Involving Pedestrian ang isinampang kaso laban sa driver. **GENE ADSUARA**

# DepEd Calabarzon makes headway in SHS implementation

A Department of Education (DepEd) official said that the positive results of the the Senior High School (SHS) program's two-year implementation nationwide can be attributed to DepEd Calabarzon's accomplishment.

In an interview with the Philippine News Agency (PNA), DepEd 4-A Regional Director Diosdado San Antonio said that Region 4-A (Calabarzon) is the biggest among the 17 regions in the country which implemented the SHS program, hence "their failure could have influenced the nationwide result of the program".

"Calabarzon, we're ahead but I didn't say successful, more than 15 percent out of every 100 SHS graduates in the whole country is from our region...If DepEd is claiming SHS as successful, it wouldn't be like that if the Calabarzon failed, that's the challenge when we're starting, our region will make or unmake senior high school program because we're big."

San Antonio credited the "success' of the SHS implementation in their region to a local multi-sectoral committee that supported them from the beginning.

"I'd like to claim that we were able to surmount the challenges because we're the only region with a multisectoral committee which has been converted into a regular committee by the regional development council...quarterly we meet, discuss and address concerns so that is one of the strengths," he said.

San Antonio added that the different industries in their region were supportive of the SHS program.

"Even the industries in our region helped us contextualize the educational materials, they told us which skills must be developed in the students, they covered the cost and the instructional materials were put together... Also, the local government units, private sectors and cooperatives provided space for the work immersion of the students," he said.

Referring to their data last month, San Antionio said 3,533 of the 18,000 SHS graduates in their region were provided jobs by their work immersion hosts since most of them have the National Certification of Technical Education and Skills Development Authority.

"There are no exact names yet which specific industries absorbed the students but in our researches, consultations there are already export processing zones which have established their own Senior High Schools, inooffer nila yung kelangan na skills ng locators (they offer the skills needed by the locator), first batch of students this year will be scholars...and around 500 SHS graduates want to put up their own businesses," he said.

Despite all these good news, San Antonio said that a significant number of grade 11 students discontinued going to Grade 12 this coming school year.

"We're still determining their status if they now have work or they got married, the field is still gathering data," he said. ***(PNA)***

# Mga alagang hayop nabakunahan sa San Nicolas 1

MAHIGIT sa 200 alagang hayop na aso at pusa ang nabakunahan sa Barangay San Nicolas 1, Bacoor City, Cavite.

Ang anti-rabies vaccination ay mula sa pangangasiwa ng Bacoor City Veterinary Services Office.

Nauna rito ay isinagawa na rin ang naturang pagbabakuna sa mga barangay na kinabibilangan ng Mambog 1 at Molino 7. Ngayong Mayo 22 ay sa Panapaan 6, May 23 sa Real 2, May 24 sa Sineguelasan at St. Anthony, Habay.

Ang mga barangay ng Alima at Banalo ay ngayong Mayo 25 naman.

Sa May 29 ay sa Zapote 2 at Tabing Dagat habang sa May 30 ay sa Aniban 5 at Aniban.

Ang mga barangay ng Habay 2 at Panapaan 3 ay ngayong Mayo 31.

Makipag-ugnayan lamang umano sa barangay na sumasakop sa inyo. **JB**

# Face Off: PNP tangka ang pagresbak sa Army

**NAIS ng Philippine National Police (PNP) chess team na makabawi sa powerhouse ng Philippine Army Chess Team sa pagtulak ng first-ever Philippine Chess Blitz Online Face Off Series Team Competition format**

Ayon kay tournament organizer Philippine Executive Chess Association (PECA) founding president Atty. Cliburn Anthony A. Orbe na lahat ng blitz chess format game simultaneously na mapapanood ng live at replay sa Facebook at YouTube channel ng National Chess Federation of the Philippines (NCFP) sa event na suportado ni NCFP Chairman/President Surigao del Sur Rep. Prospero "Butch" Arreza Pichay Jr.

"I will broadcast a AFP-PNP-PCG league match-up between the Philippine Army chess team Philippine National Police chess team." sabi ni NCFP treasurer Atty. Cliburn Anthony A. Orbe.

Nasa ilalim ng pangangasiwa ni coach SPO3 Jomar Pascua kung saan ipaparada ng PNP chess team sina 1996 Philippine Junior Champion National Master PO2 Rolando Andador, National Master SPO2 Ali Branzuela, PO1 Danilo Tiempo at PO3 Jerry Tolentino, isang formidable lineup.

"This will be an exciting friendly match between two powerhouse teams in the AFP-PNP-PCG Olympics. Expect fireworks on the board," sabi ni PNP chess team coach SPO3 Jomar Pascua.

Natalo ang PNP chess team sa Philippine Army Chess Team sa last edition ng AFP-PNP-PCG Olympics noong 2016 na ginanap sa Camp Crame sa Quezon City. Nagkampeon ang Philippine Airforce chess team na sinundan ng runner-up place Philippine Army Chess Team at 3rd place Philippine National Police chess team.

"In behalf of PNP chess team, I would like to thank Atty. Cliburn Anthony A. Orbe for inviting PNP chess team, Rest assured we will do our very best.Thanks for making chess even more interesting to all" huling pananalita ni PNP chess team coach SPO3 Jomar Pascua.

Ang Philippine Army chess team ay binubuo nina International Masters Ronald Dableo at Joel Pimentel, Kevin Arquero at Alfred Rapanot at under baton ni coach Ildefonso "Ponching" Datu. **(Marlon Bernardino)**



**PHILIPPINE BOWLING FEDERATION** - ANG Australia team na nag kampeon sa katatatapos na PBF 2nd Philippine International Open Tenpin Bowling Championships sa Coronado Lanes, Starmall Edsa, Mandaluyong City. Ng igawad ang championship trophy nila PBF President Steve E. Robles , PBF Philippine Bowling Federation Secretary General Olivia "Bong" G. Coo at iba pag opisyal (GV)



**OPENING CEREMONY** - ANG mga opisyales at panauhin ng 17th World University Golf Championship 2018 sa pangunguna ni David Ong Fessap Honorary President, PSC Philippine Sports Commissioner Ramon Fernandez na siyang naatasang mag presentanti kay pangulong DU30 makaraang ang ceremonial Tee Off para sa pag sisimula ng 17th World University Golf Championship 2018 sa Pradera Verde Golf and Country Club Lubao, Pampanga. **(RGN)**



**HOPEFUL STAKES RACE** - TODO arangkadahan ng mga kabayong kalahok sa 2018 Philracom "Hopeful Stakes Race na ginanap sa San Lazaro Leisure Park Carmona, Cavite. **(RGN)**




## Mindanao Executives magbibigay ng magandang laban

TAMPOK ang Mindanao executives mula sa siyudad ng Davao, Cagayan de Oro, Iligan, Pagadian, Zamboanga, Cotabato, General Santos, Kidapawan at Koronadal, maging ang provinces ng Davao, Sultan Kudarat, Maguindanao, Cotabato at host South Cotabato na nagbabanta sa visiting executives mula Manila na magbibigay ng mahigpit ng laban sa ibabaw ng 64 square board sa Mayo 26 at 27 na gaganapin sa Punta Isla Lake Resort sa Lake Sebu, South Cotabato.

Sa Mayo 26 ay gaganapin ang 5th leg ng Philippine Executive Chess Association (PECA) Alphaland National Executive Chess Championships Mindanao leg habang sa Mayo 27 naman ang pinakahihintay na Open chess tournament kung saan magiging makulay ang nasabing two-day chessfest sa presensiya nina Lake Sebu town mayor Antonio Fungan at South Cotabato Governor Daisy Avance- Fuentes na magsasagawa ng traditional ceremonial moves kasama na ang pagbibigay ng inspirational message sa mga kalahok.



**SMB VS MERALCO**

BUMIGAY ng pagbasket si San Miguel Beer forward Marcio Lassiter kung saan natawagan ng foul si Jared Dilinger ng Meralco sa akyon nila ng 2018 PBA Commissioners Cup sa Mall of Asia Arena, Pasay City.**(RGN)**

# DOST-PCHRD *calls* for Thesis Grant Applications

**Funds for Undergraduate Thesis Grant in Natural Products is now being provided by the Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) to support to all undergraduate students who will conduct their thesis on natural products. This program aims to sustain a research culture in natural products to increase the number of research and later on build a pool of researchers/experts specializing in the field. The said program also supports the Drug Discovery and Development program of the DOST-PCHRD which aims to develop safe, effective and affordable alternative drugs from the country's natural resources.**

In order to qualify for the said project, the applicants must comply the following requirements and procedures:

NOMINATION PROCEDURES

1. Who can apply

All undergraduate students of Pharmacy, Chemistry, Nursing and Health and Allied Sciences who have thesis proposals on natural products may apply. The proposed thesis study must use plants indigenous in the region. The project must be completed a year after receiving the grant.

2. How to apply

Applicants should submit the following documents to the Regional Health Research and Development Consortium (RHRDC):

a) Duly accomplished prescribed research proposal form with college seal

b) Endorsement letter from the institution signed by the head of the university college dean

c) Soft copy of the proposal (word format) d) Hard copy of the proposal using A4 paper (3 copies)

e) Certificate of plant authentication

f) Appropriate clearances: Bureau of Animal Industry clearance for studies involving animal subjects Biosafety Clearance for studies involving genetic engineering and pathogenic organisms National Commission on Indigenous Peoples Clearance for studies involving Indigenous Peoples Gratuitous Permit from Biodiversity Management Bureau for studies involving collection of flora and fauna from DENR Protected Areas Ethical clearance for studies involving human subjects

g) Curriculum vitae of the students and adviser using the prescribed form

In addition, the research proposals will be rated based on the following criteria:

*Proposal evaluation*

1. Technical merit

• Objectives are specific, measurable, attainable, relevant and time-bound

• The study design supports the objectives

• The study sample and methodology are appropriate

2. Data management

• The plan for data collection is clearly described

• Quality control procedures for data collection are in place

• Statistical analysis is well described

3. Relevance/Significance

• The study addresses an important health problem

• The study contributes to the advancement of scientific knowledge

4. Proponent/institution's capacity

• The investigators are qualified and appropriately trained to carry out the study

• The proposed study is appropriate to the experience level of the investigators

• The implementing/co-operating institution is capable of carrying out the proposed study

Thesis grants will be given to 2 undergraduate entries per region. After completion of the project, a competition will be held to selected qualified students to recognize innovative work on natural products.

Deliberation of thesis grantees and winners will be based on the grading/rating during the en banc meeting and oral presentation, respectively.

Members of screening committee include the Regional Health Research and Development Consortium – for prescreening, UP Institute of Chemistry, UST Research Center for the Natural Sciences, DLSHSI Center for Biopharmaceutical Research, Gruppo Medica Inc. and Herbanext Laboratories Inc.

Two (2) thesis proposals will be selected per region who will receive a grant amounting to a maximum of Fifty Thousand Pesos (P 50,000.00). The thesis fund will be deposited to the bank account of the thesis adviser and will be liquidated after the completion of the study. A Memorandum of Agreement will be signed between the students, adviser, head of the institution and DOST-PCHRD and the grant must be expended based on the approved line-item budget

After the oral presentation, fund support will be provided to the top 3 relevant and innovative thesis studies. Aside from plaque of recognition, prizes will be distributed to the finalists as follows:

The dissemination and application of entries has already started earlier January until March while the deadline of submission to the consortium and DOST-PCHRD were scheduled on the end of May and 2nd week of June, respectively. On the other hand, the selection of thesis grantees by the Selection Committee will start on June to July and the conduct of study on August to May of the succeeding year. Meanwhile, on the first week of June of the succeeding year, completed studies shall be submitted to DOST-PCHRD where the Selection Committee shall select the oral presenters until July. Finally, the oral presentation and announcement of winners will be conducted on August 2019. *(DOST6/JRAGabiota)*

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## FLASH DANCE AT BOSTON STRONG, NAGWAGI

Marami ang humanga sa hineteng si Gilbert Mejico sa pagdadalang ginawa niya sa kabayong nagwagi na si Flash Dance na talagang naging maganda ang pagtantiya sa kanilang daraanan at bukod pa riyan ay talagang hindi siya nagpabaya o nag aksaya ng oras na hindi galawin o kilusan ang kanyang sakay. Pagsungaw sa rektahan nung nakasipat ng butas sa gawing gitna sabay kambiyo sa kanan na may kaluwagan ay nagpalakpakan na ang mga karerista sa mga OTB dahil nakita rin nila ang tunay na galit at galing ni Flash Dance na sumibat sa pagremate. Sa mga susunod na pagsali ng mga kabayong sina Sir Jeboy, Oyster Perpetual, Veni Vidi Vici at Standout ay huwag na ninyong lulubayan pa dahil pawang mga hinog na sa laban at muling susungkit na lamang ng panalo. Samantala nagpakitang gilas naman ang hineteng si Toypits Guerra sa walang humpay na pagkayog at pag ayuda niya sa ibabaw ng kabayong si Boston Strong, lalo na nung dinapaan niya sa ibabaw dahil sa lakas ng kanyang pagtulak kung kaya't nalagpasan nila ang pameta na lamang na si Cote De Azur na sakay ni Brix Fulgencio. Maganda rin ang naipakitang takbo nung tumerserong si Prime Power. Marami naman ang nagalit sa klase ng pagdadalang nagawa ng hineteng si John Robinson Bitor sakay ng naliyamadong kabayong na si Lil' Dynamo na base sa kanilang panood ay tila pinigil o inawat ang galit ng kabayo sa pagtakbo na para bagang may hinahanap o hinihintay na kalaban dahil panay ang paglingon ni hinete. Akala tuloy ng iba ay may nangyari sa kabayo dahil parang inawat at nilingon pa. Nagulat na lamang ang mga karerista na biglaang pang pumalo si Bitor sa loob ng huling 200 metro kung kailan kapanabayan na niya ang mga kalaban na dumikit at nakalagpas na sa kanya. Hiling ng mga karerista na dapat ay maimbestigahan si Bitor kung bakit ganoon lamang ang nagawa niyang pagpapatakbo sa kabayong si Lil' Dynamo.

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0999-3050106

## 'Wag kayong magsawalang-kibo

TAPOS na ang halalan, kawawa naman ang mga barangay kung ang mga nanalo lalo na ang punong-barangay ay dahil lamang sa pandaraya.

Ano ba ang kaakibat ng pandaraya, siyempre ay ang paggamit ng pera.

Kapag ginamitan ng salapi, ang tamang kahulugan nito ay ang vote-buying.

Kahit paulit-ulitin nating ipabatid at ipaalala sa mga botante na ang mga ganitong klase ng kandidato na namimili ng boto sa huli ay babawi ang mga ito ay hindi pa rin nauunawaan ng ilang bumoboto.

Siguro ang maaaring kasagutan ay bunga ng kawalan o kahirapan kaya ibinebenta ang kanilang boto.

Paano nga kaya masasawata ang talamak na vote buying tuwing panahon ng eleksiyon?

Parang ang hirap po ng kasagutan hindi po ba? May solusyon pa kaya?

May naririnig tayo na mahirap daw kasing mapatunayan ang vote buying.

Usap lang, kagaya sa mga siyudad o sa Kalakhang Maynila na alam naman nating may ilang lugar ng tinatawag na iskuwater o illegal settlers.

Sa sandaling napaalis sila sa tinitirhan nila ay nabibigyan ng relokasyon.

Kabilang ang Cavite, Bulacan, Rizal o iba pang lalawigan na kalimitang relecation area ng mga illegal settlers mula sa Metro Manila.

Sa kabila na nakalipat na sa kanilang relokasyon ay nananatili pa rin silang botante sa siyudad o lugar na kanilang pinanggalingan.

May ilan na nagtatransfer na ng kanilang pagboto subalit mas marami pa rin ang hindi nagpaparehistro sa relocation area nila.

Sa puntong ito ay nagagamit sila ng ilang mapagsamantalang kandidato lalo at mapera o mayaman.

Ang gagawin ng kandidato ay paluluwasin sila mula sa probinsiya para makaboto sa siyudad.

Gagastusan ng kandidato, aarkila ng mga sasakyan para sunduin sila upang makaboto.

Pagkatapos makaboto ay muli silang ihahatid pabalik sa probinsiyang pinanggalingan.

Bukod sa hatid-sundo at libreng pakain ay bibigyan pa sila ng pera ng kandidato.

Ito ay isang halimbawa lamang ng malinaw pa sa sikat ng araw na vote buying.

Sa pamunuan ng Commission on Elections, tama po ba?

Marahil kapag sila ay nailipat o na-rellocate na ay doon na dapat ang kanilang rehistro.

Automatiko dapat na cancelled na ang rehistro nila sa kanilang dating tinitirhan.

Biktima po kasi sila, nagagamit po sila ng mga kandidatong nakahandang magbayad ng pera.

Madaling mabisto kung mayroong nangyaring ganito nitong natapos na eleksiyon.

Kapag napatunayan na ang isang kandidato ay ganoon ang ginawa, hindi lamang dapat diskwalipikasyon bagkus ay kasuhan at ang hatol ay habambuhay na pagkakakulong.

Life imprisonment ang kailangang igawad sa kandidatong nagsasagawa ng vote buying.

Halimbawang ako ay kandidato at nalaman ko na ang aking kalaban ay gumamit ng ganitong istratehiya, hahanap ako ng ebidensiya para kasuhan ang nakatunggali ko dahil ito ay isang malinaw na vote buying.

Sa mga natalong kandidato, kapag natunugan ninyo na ganito ang ginawa sa inyo ay huwag kayong magsawalang kibo.

Kumilos kayo at lumaban dahil ang inyong gagawing aksiyon ay para sa kapakanan at kabutihan ng barangay.

## HANEP SHOWBIZ

# HEART EVANGELISTA, TINIYAK NA MAGIGING MABUTING INA

**ALAM naman na ng lahat na buntis na ang maybahay ng butihing Senator Chiz Escudero na si Heart Evangelista.**

Excited na ang aktres kasabay ng pagtitiyak na siya ay magiging isang mabuting ina.

Hindi naman lahat ng babae o nagbubuntis ay nagsasabing siya ay magiging mabuting ina sa kanyang magiging anak.

Korek! Kasi mayroon nga na pagkatapos makapanganak ay parang 'tuta' lamang ang anak na ipamimigay o ipapaampon.

Ang masakit nga, hindi ba mayroon pang ilang ina na ibebenta ang kanyang beybi.

Kaya iyan po ang ibig sabihin natin na hindi lahat ng babae o nagbubuntis ay nagagawang magsabing siya ay magiging isang mabuting ina.

Bakit nga ba mayroong mga ganoong klaseng nanay na iluluwal lamang ang sanggol o anak at pagkatapos ay parang wala lang?

Ang iba naman ay bunga ng kapusukan, hindi inaasahan, disgrasya o ano pamng dahilan ng pagbubuntis kaya hindi sila concern sa paglabas ng sanggol.

Pero siyempre, ibahin natin si Heart at tayo ay labis na naniniwala na siya ay magiging isang good mother sa kanyang iluluwal na anak.

Kung sa mga alaga o pets ay sobrang mapagmahal si Heart, what more pa sa human lalo at beybi nila ni Senator Chiz.



We are so much happy for you Heart at kami ay kasama mo sa iyong panalangin para sa iyong maayos na pagbubuntis.

Ang nagbubuntis hindi ba ay dumadaan sa tinatawag na paglilihi.

Nabasa po ba ninyo ang exculise interview kay Heart ng pahayagang Manila Bulletin?

Magkahalong kaba ay saya ang nararamdaman ng aktres pero sabi niya siya ay ready ng maging isang ina.

Take note po ha ulitin ko lamang, handang-handa na si Heart na maging isang mabuting ina.

Batay nga sa interview sa aktres, hate niya ang amoy ng mga pabango.

Ayaw din ng misis ng senador ang makakaamoy ng mga nagpipirito.

Iyan po ang sinasabi kong klase ng paglilihi, mayroong inaayawan.

Subalit ang mga naglilihi kung mayroong ayaw ay mayroon din naman silang gusto.

Ang gusto naman ni Heart ang nakikita siya ng mga kulay na puti.

Puting itlog, puting tinapay at mayonnaise ang ilan sa mga nais nakikita ni Heart na white color.

Sa tipo ni Heart, medyo maselan ang kanyang pagbuntis pero very supportive sa kanya ang mister niya.

Hanga nga si Heart sa mister niya sa lahat ng suporta para sa kanya.

Suportado ni Senator Chiz ang career at ang painting ni Heart na talagang naghintay siya ng right time para sa pagbubuntis ng aktres.

Meaning to say ay walang pressure sa senador para sa pagbubuntis ni Heart.

Imagine, February 15, 2015 ikinasal sina Heart at Chiz sa Balesin Island tapos ngayon lang magkaka-beybi.

Anyway, congratulations sa inyo Heart and Chiz.

Congratulations din pala sa mga taga-showbiz industry na nagwagi sa katatapos na barangay and SK elections.

Kagaya ni Angelika Dela Cruz na re-electionist bilang chairwoman ng Barangay Longos, Malabon City.

Ang pagtulong sa kapwa ang isa sa inspirasyon ni Angelika sa kanyang muling pagtakbo.



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 65 labas)**

"ANO ka ba naman, bakit ka humihingi ng pasensya eh wala ka namang dapat ihingi ng pasensya noh."

Open lang si Lyka sa pagkukuwento sa lalaki tungkol sa kanyang mga nakaraan.

"Kasi naman ang dami kong mga maitatanong eh tungkol pa sa buhay may-asawa mga tanong ko sa 'yo."

Kung tutuusin ay mas gusto nga ni Lyka na naitatanong o napapagkuwentuhan ang kanyang past.

Kasi kahit paano ay nailalabas niya ang himutok sa kamay ng lalaking kanyang minahal at pinagkatiwalaan.

Minahal niya kaya nga hindi siya nag-atubili na ipagkaloob ang kanyang katawan o sarili.

Na ang naging resulta nga ay ang kanyang pagbubuntis at pagkakaroon ng anak.

Pagkatapos ay talo pa ang bula ng lalaki na bigla-bigla ay naglaho na lamang.

Pero hindi naging daan iyon kay Lyka upang magmukmok sa halip ay itinindig kahit mag-isa ang kanyang anak.

"Naku ah, 'inde ah. Ikaw naman grabe ka 'ata magsalita, 'di lahat ng lalaki ay pare-pareho."

Medyo sumalag ang lalaki sa pahapyaw ni Lyka tungkol sa nakabuntis sa kanya.

"Teka maiba naman ako, puro ako 'ata ang nagkukuwento ah. Eh ikaw ba naman, 'musta naman ang 'yung married life?"

Hindi umiimik ang lalaki, tila nag-iisip kung sasagutin ba o hindi ang tanong ni Lyka.

"Naku ha, 'wag kang madaya at 'wag kang magtatago o magsisinungaling."

"Ako naman eh nakita mo sinabi ko sa 'yo status ko tungkol sa pag-aasawa."

Sa isip-isip ni Lyka ay magsabi o magkuwento man sa kanya ang lalaki ay mayroong kahalong pagsisinungaling.

"Sagutin mo. Ano ka ba naman, bakit 'di mo sinasagot. Sagutin mo."

(Itutuloy)

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-64 labas)**

MALUNGKOT na nilisan ni Dagul ang palengke dahil sa alaalang sumundot sa kanyang isipan at puso.

Sa palengkeng iyon siya naging isang kargador na sinundan ang yapak ng kanyang ama.

Napilitan siyang maging isang kargador sa murang gulang dahil sa maagang pagkakawala ng kanyang tatay.

Maraming taon na ang nakakalipas mula nang maganap ang krimen sa palengkeng iyon.

Hindi nabigyan ng hustisya ang pagkamatay ng kanyang ama dahil nakakalaya pa rin sa kasalukuyan ang mga salarin.

Dahil ba sa kawalan ng salapi o kawalan ng koneksiyon kaya hindi nagawang mahuli ang mga kriminal.

"Ang bali-balita namin Dagul, 'yung mga nakapatay sa tatay mo ay big time na raw."

Gumuguhit sa isipan ni Dagul ang nabanggit sa kanya ng ilang dating kasamahang kargador.

May nasagap kasing balita na hindi lang basta pipitsuging kriminal sa halip pinasok ang mga malalakihang lakad kaya big time na ang mga suspek sa pagpatay sa tatay niya.

Ngayong isa na siyang ganap na abogado, tinatanong ni Dagul ang sarili kung maipapagkaloob kaya niya ang hustisya para sa ama.

Lalo at nabalitaan niya na mga big time na ang kanyang mga babanggain.

"Basta palagi sa katotohanan lamang, tama na nangyayari ang kasamaan o ang kasinungalingan."

"Pero iyan ay panandalian lamang dahil tandaan mo na sa bandang huli ay lalabas at lilitaw din ang pawang katotohanan."

"Kaya kung ikaw anak ay lalaban basta alam mong ikaw ay nasa tama ay 'wag na 'wag kang matatakot lumaban."

Hindi pa rin nalilimutan ni Dagul ang isa sa palaging nasasabi sa kanya ng ama noong nabubuhay pa.

Isa sa mga unang misyon ng kanyang pagiging abogado ay ang pagbigay ng katarungan sa pagkamatay ng ama.

Siyempre ay hindi maiaalis kay Dagul na tuklasin din ang tunay na katotohanan o pangyayari kay Aling Tita.

(Sundan)

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**






Ms Paulina Calo, DOH Calabarzon Mental Health Program coordinator spearheads the 3-day Psychosocial Training for health workers who will handle community work for the affected families of Dengvaxia in the region. **BOY NAMORA**



First of eight batches of health workers who have undergone the Psychosocial Intervention in preparation for community work in Dengvaxia affected communities in CALABARZON from May 9-11, 2018 in Timog Avenue, Quezon City. **BOY NAMORA**




**Aries—(Marso 21- Abril 19)**
Iwasan ang pagiging mainitin ang ulo o ang madalas na galit kahit sa simpleng dahilan lamang. Nangyayari ito dahil sa sobrang stress kaya humiling ng ilang araw na bakasyon upang maikondisyong maigi ang iyong isip at sarili bago muling sumabak sa trabaho.

**Taurus—(Abril 20- Mayo 20)**
Hanggang sa pagsisisi na lamang ang iyong magagawa sa isang napakaselang desisyong ginawa mo sa iyong buhay. Harapin mo na lamang kung ano o saan ang iyong kinalalagyan ngayon dahil iyan ang pinili mong buhay.

**Gemini—(Mayo 21- Hunyo 21)**
Taglay mo ang pagiging mapagparaya at hindi mo mamamalayan na ikaw ay makakagawa ng kadakilaan dahil sa iyong pagpaparaya. Hindi naman masamang magparaya subalit tingnan mo rin minsan ang iyong kalagayan dahil may pagkakataong ikaw ay naaabuso na

**Cancer—(Hunyo 22- Hulyo 22)**
Matindi kang maghinala na ikaw mismo ay hindi mo alam kung ito ba ay dahil sa sobrang selos o kawalan ng tiwala sa katipan. Huwag mong pangunahan ang nasa isip ng karelasyon mo dahil hindi ito makakatulong sa inyong pagsasama.

**Leo—(Hulyo 23- Agosto 22)**
Nasa stage ka na nag-iisa subalit patuloy na nakikibaka at lumalaban para matamo ang iyong inaasam. Umiiral ang pagiging maramdamin mo na dapat ay iyong pakaiwasan dahil ito ang magbubulusok sa iyo paibaba sa halip na pumaitaas

**Virgo—(Agosto 23- Set.22)**
May lihim na nagagalit sa iyo pero ito ay hindi mo napapansin dahil lahat ng kaharap mo ay maayos naman ang pakikitungo sa iyo. Malalaman mo rin kung sino itong may galit sa iyo pero hindi naman siya isang banta gayunman ay mabuti pa ring mag-ingat

**Libra—(Set.23 – Okt.23)**
Isa sa mga dating ginabayan at tinuruan mo sa galaw ng inyong propesyon ang magsisilbing ahas na tutuklaw sa iyo. Mayroon na siyang kamandag kaya masusing pag-iisip at pag-aaral ang iyong gawin bago gumawa ng kaukulang aksiyon sa kanya

**Scorpio—(Okt.24 – Nob.21)**
Sobra kang makisama sa kabila na alam mong bawal o hindi makakabuti sa iyo ay join ka pa rin dahil lamang sa pakisama. Hindi sila ang mga tunay mong kaibigan kaya umpisahan mo na ang paglayo sa kanila hanggang sa ganap na makakalas

**Sagittarius—(Nob.22 – Dis.21)**
Hindi pa huli ang lahat upang muling umibig kaya sundin ang tinitibok ng iyong puso. Sa ngalan ng pag-ibig ay alam mo namang walang bata o matanda sa dalawang pusong tunay na nagmamahalan

**Capricorn—(Dis.22 – Enero 19)**
May text message kang matatanggap na wala naman sa phone book ng iyong cellphone kaya huwag basta magpapadala dahil ito ay hindi mo naman kakilala. Kung ikaw ay masisilaw sa kinang ng salapi ay mamamalayan mo na lamang na kaharap mo na siya at sa huli ay magagantso ka

**Aquarius—(Enero 20- Peb.18)**
Minsan ka ng nalulong sa masamang bisyo kaya matutong pumili ng tamang kasama at barkada. Ituon mo na lamang ang iyong panahon sa iyong iniirog at sa kasalukuyang hanapbuhay mo kaysa muling mapariwara

**Pisces—(Peb.19 – Marso 20)**
Mangangailangan ka ng payo at opinyon subalit sa sobrang dami ng iyong kaibigan ay lalo kang maguguluhan. Tandaan mo lang na ikaw rin naman ang makakasolusyon sa iyong problema basta magpakatatag lamang at magdasal

# TAPAT NA SERBISYO SUKLI SA TIWALA NINYO- CHAIRMAN BERNARD GABRIEL

**KASABAY ng taus-pusong pasasalamat ay inihayag ni Bernard Gabriel, landslide winner bilang chairman ng Barangay 16 Zone 2 District 1 Manila, ang pagbibigay ng tapat na serbisyo.**

Aniya, hindi dapat sirain ang suporta lalo na ang tiwalang ipinamalas at ipinagkaloob sa kanya ng mga ka-barangay niya kaya nararapat lamang umanong suklian ito.

Ang mga inihatag na plataporma ay hindi lamang basta tutuparin bagkus ay kailangang gawin at patunayan.

Bukod rito ay ang iba pang karagdagang kapaka-pakinabang na mga programa para sa kapakanan at kabutihan ng kanyang nasasakupan.

Naniniwala si Chairman Gabriel na ang lahat ng ito ay maisasakatuparan kung magkakaisa at magtutulungan.

Kaya naman hiniling niya ang pagsasama-sama o pagbubuklod upang mapagtagumpayan ang bawat proyekto ng barangay.

Tiniyak naman ni Chairman Gabriel na kaisa ang kanilang barangay ng Department of Interior and Local Government at Philippine National Police sa pagpapalakas ng kampanya laban sa iligal na droga batay na rin sa kautusan ni Pangulong Rodrigo Duterte. **MIOS KIE**



Nagsagawa ng operasyon ang mga operatiba ng MPD Station-2 sa pangunguna nina Supt. Santiago Pascual , Major Anthony Sy at Major.Rommel Salazar, ng Station Anti Drugs Section at nasakote ang 20 katao sa isang pot session kasama ang pinsan ni Chairman Arnel Dungo na si Renato Dungo. Matatandaang kasama sa NARCO LIST ni President Rodrigo Duterte ang Barangay 255 Zone 23 sa Quiricada, Tundo Maynila. Samantala 21 katao ang isinama sa himpilan ng MPD Station-2 sa kasong half naked batay sa City Ordinance. **(Christian Heramis)**

# Chairman Lagamayo: tulungan natin si PRRD sa kampanya laban sa iligal na droga

UMAPELA ng tulong si Chairman Encio Lagamayo sa mga residente ng barangay na kanyang nasasakupan.

Ito ay ang pagtulong sa programa ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte para labanan ang iligal na droga.

Landslide victory si Lagamayo matapos kumandidato bilang kapitan sa Barangay 269 Zone 25 District 3, Manila nitong nakaraang Barangay at Sangguniang Kabataan elections.

Batid ni Chairman Lagamayo na hindi biro at sadyang mahirap ang kanyang pinasok subalit hindi niya iyon alintana.

Ito ay dahil naniniwala si Chairman Lagamayo na kapanalig at nakasuporta sa kanya ang mga ka-barangay niya hinggil sa paglutas sa problema sa droga.

Hindi pa man sumasapit ang halalan ay binabanggit na ng Philippine National Police na dapat ay katuwang ng pulisya ang barangay sa pagsugpo ng iligal na droga at iba pang uri ng krimen at sa puntong ito ay nakahanda si Chairman Lagamayo.

Binanggit din ni Chairman Lagamayo na tututok din siya sa Barangay Anti-Drug Abuse Council na pinalalakas ng Department of Interior and Local Government sa pangunguna ni Undersecretary for Barangay Affairs Martin Dino.

Sinabi ni Chairman Lagamayo na siya kasama ang kanyang mga kagawad sampu ng mga opisyal at tauhan ng barangay ay magtatrabaho nang patas at tama para sa paglilingkod sa lahat ng naninirahan sa kanilang barangay. **MIOS KIE**

# Maynilad set to replace old, leaky pipes

QUEZON CITY (PIA) — Maynilad Water Services, Inc. is set to replace old and leaky pipes this year.

The West Zone concessionaire will replace this year a total of 290 kilometers of pipes in the Greater Manila Area.

"We still need to invest in our Non-Revenue Water Reduction Program so we can bring down water losses to the optimal level of 20% by 2027," said Maynilad president and CEO Ramoncito S. Fernandez.

Maynilad is investing Php2.1 billion for pipe replacement projects in various portions of its concession area. As of end of March, pipe replacements completed were in Quezon City, Malabon, Manila, and Las Piñas.

Maynilad added that once the pipe replacement is completed, it will bring the total length of pipes replaced within Maynilad's concession area to 2,285 kilometers or 56 percent of the distribution system.

Maynilad is the concessionaire of the MWSS for the West Zone of the Greater Manila Area composed of certain parts of Manila and Quezon City, Caloocan, Pasay, Parañaque, Las Piñas, Muntinlupa, Valenzuela, Navotas and Malabon, and parts of Cavite province (Bacoor, Imus, Kawit, Noveleta and Rosario). (JEG/PIA-NCR)

# P15-P20 umento sa sahod sa Gitnang Luzon, inihain sa Wage Board

LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) — Isinusulong ng mga tagapag-empleyo ang pagkakaroon ng P15-P20 pisong umento sa sahod ng mga manggagawa ng pribadong sektor sa Gitnang Luzon.

Iyan ang resulta ng ginawang public consultation ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board o RTWPB na pinangunguhan ng Department of Labor and Employment o DOLE sa lungsod ng Malolos kamakailan.

Ayon kay DOLE Regional Director Zenaida Angara-Campita, ang naturang panukala ay siyang pag-aaralan ng RTWPB at kung magkano ang aaprubahan ay base sa halaga ng bilihin at kalidad ng pamumuhay sa Gitnang Luzon.

Sa inilabas na ulat ni Department of Trade and Industry Regional Director Judith Angeles, 2.5 porsyento lamang ang inflation rate sa Gitnang Luzon nitong Marso 2018 kumpara sa 3.4 porsyento sa kaparehong buwan sa national level.

Ito'y sa kabila ng pag-iral ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion Package 1 na nagpapataw ng mas mataas na buwis sa langis, bagong kotse at inuming may halong Asukal.

Ang inflation ay terminong pang-ekonomiya na sukatan ng pagtaas o pagbaba ng presyo ng mga bilihin.

Dagdag pa ni Angeles, ang naturang inflation rate ay nagresulta sa bahagyang pag-angat sa presyo ng bilihin gaya ng sardinas, noodles at bath soap.

Nananatili namang mataas ang presyo ng komersyal na bigas na naglalaro sa halagang P45-P53 kada kilo.

Oras na maaprubahan ng RTWPB, ito na ang pangalawang pagtaas sa minimum wage sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Matatandaang naging epektibo noong Mayo 1, 2017 ang Wage Order No. RBIII-20 na nagbigay ng P16 umento sa arawang kita ng mga nagtatrabaho sa pribadong sektor.

Kaya naman ang kasalukuyang minimum wage sa mga lalawigan ng Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac at Zambales ay P380 para sa mga non-agriculture establishments na may total assets na P30 milyon o higit pa; P373 para sa mga non-agriculture establishments na may total assets na mas mababa sa P30 milyon; P350 para sa agriculture plantation; P334 para sa agriculture non-plantation; P369 para sa retail/service na may 16 o higit pa na manggagawa, at P355 para sa retail/service na may mas mababa sa 16 na manggagawa.

Samantala, ang minimum wage sa lalawigan ng Aurora ay P329 para sa non-agriculture; P314 para sa agriculture plantation, P302 para sa agriculture non-plantation at P264 para sa retail/service na may mas mababa sa 16 na manggagawa. (CLJD-PIA 3)

# GUMAHASA SA MISIS, TIMBOG SA CAVITE

**MAKARAAN ang pitong buwan pagtatago, nasukol din ng pulisya ang itinuring na Top 1 Most Wanted at gumahasa sa kanyang misis sa Gen. Trias City, Cavite kamakailan.**

Pansamantalang ikinulong sa Bacao Custodial Center ang suspek na si Toribias Orias, isang obrero ng Block 67 Lot 52, LRTA Subd., Santiago, Gen. Trias City, Cavite bago ilipat sa Matag-ob, Leyte.

Si Orias ay inaresto sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Hon. Judge Maria Corazon Vergara-Naraja ng Regional Trial Court, Branch 47 sa Ormoc City dahil sa reklamo ng kanyang misis na si Jenibeth sa kasong 2 counts of rape.

Sa report ni PO2 Riel Manalo ng Gen. Trias City Police Station, Warrant Section, dakong 2:00 ng hapon nang nagsagawa ng pinagsanib na puwersa ang Gen. Trias City Provincial Police Office (PPO) at Matag-ob Municipal Police Office (MPO, Leyte Provicial Offcie (PPO) kung saan kabilang ang suspek sa matagal ng pinaghahanap matapos na may nakapag-tip na ito ay nagtatago sa naturang lugar na nagresulta sa pagkakaaresto nito.

Ayon kay Manalo, gusto umanong makipagbalikan si Orias sa kanyang asawa matapos silang maghiwalay subalit nang umuwi sa Matag-ob, Leyte ay nalaman na may iba na palang kinakasama ang kanyang misis kaya nito ginahasa.

Nang nalaman ni Orias na nagreklamo ng kanyang misis ay nagtago ito at napadpad sa Gen. Trias City, Cavite **GENE ADSUARA**

# Dalaga patay, angkas kritikal sa truck

NAUWI sa trahedya ang isang masayang outing ng isang kumpanya nang tumilapon ang katawan ng magkaangkas na magkaibigan at namatay ang isang 29-anyos na dalaga at kritikal ang angkas nito matapos na banggain ang sinasakyang motorsiklo ang nakasalubong na truck sa Tanza, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Divine Grace Hospital ang biktimang si Brigitte Irish Bugarin, 29, ng Block 7 Ciudad Verde Subd., Brgy., Paradahan I Tanza, Cavite habang kritikal naman ang kaangkas nito na si Jan Rose Amazona, 29, dalaga ng Block 12 Lot 1 Tierra Vista Homes, Brgy., Langkaan, Dasmarinas City, Cavite, kapwa factory worker ng Play and Choice Apparel, sanhi ng matinding pagbasak ang katawan.

Sa report ni PO3 Israel Vilela ng Tanza, Cavite Municipal Police Station (MPS), dakong alas 5:00 ng hapon nang naganap ang insidente sa kahabaan ng A. Soriano Hi-way., Daang Amaya 2, Tanza. Cavite.

Sinabi ni Vilela na minamaneho ni Bugarin ang kanyang Suzuki Smash na motrosiklo (DC 98679) habang angkas nito na si Amazona, galing umano sa isang outing sa isang lugar sa Naic, at habang binabagtas ang nasabing lugar nang makasalubong nila ang isang Isusu Center Truck (WKK 831) na minamaneho ni Francisco Cabaneros galing sa Tanza at nabangga nito ang huli.

Dahil sa malakas na pagkakabangga, tumilapon ng ilang metro ang kanilang motorsiklo at bumagsak ang katawan nila sa semento na nagresulta sa pagkamatay ni Bugarin.

“Galing ang mga biktima sa isang outing, sabi ng unang rumesponde, basa pa raw ang mga damit nila at posibleng nakainum ang mga ito, pero doctor ang makakapagsabing nakainum nga ang mga ito nang makasalubong nila ang truck galing sa Tanza proper at nabangga nila” ayon kay Vilela.

“May nakitang helmet ang dalawa sa pinangyarihan ng insidente pero hindi sigurado kung suot nila” ayon pa kay Vilela.

Nabatid na nakita pang nagpagewang-gewang ang minamanehong motorsiklo ni Bugarin at halos okupahin ang buong lane hanggang sa tumilpaon ang katawan nila ng ilang metro.

Ang driver ng truck ay hawak na ng Tanza Municipal Police Station para sa kaukulang kaso. **GENE ADSUARA**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

## KALIBRE

ROMY SANTOS

0977-7844136



## Tawag sa 199 sa Ricafort St.?

MAG-AALAS DOS ng madaling araw ng Mayo 14 (election day) ay mayroong isang mobile patrol car ng Manila Police District ang pumasok sa Ricafort St., Tondo, Manila.

Sa pagpasok at pagiikot sa naturang kalye ay mayroong target o hinahanap ang naturang mobile.

Hinintuan nila ang isang lalaking nakasuot ng marked-t-shirt. Ibig sabihin ay uniporme ang pang-itaas na suot ng lalaki.

Ang nasabing lalaki ay isang lehitimong mamamahayag na ang suot na t-shirt ay mayroong malaking MEDIA sa likod ng damit.

Bukod pa na ang t-shirt nito sa harap ay naroon ang logo ng kanyang media outfit.

Heto pa, nakasabit o nakasuot ng Media ID ang naturang lalaki bukod pa sa kanyang coverage ID na nanggaling o inisyu ng Commission on Elections.

Malinaw hindi po ba na ang naturang lalaki ay isang kagawad ng media o isang mamamahayag batay sa kanyang suot na uniporme dagdag pa ang mga nakasabit na Media ID nito pati Comelec coverage ID.

Nang lapitan at kausapin ng pulis ang lalaking ito, ang sabi ng pulis ay mayroon daw tawag sa 199 mula sa concerned citizen.

Batay daw sa tawag sa 199 ay mayroong isang lalaki na umiikot sa Ricafort St. na kahina-hinala ang kilos.

Ang tinutukoy sa tawag sa 199 ay ang naturang lalaki na matapos kausapin at beripikahin ng pulis ay napatunayang isang lehitimong mamamahayag.

Hindi pa nakuntento ang mga pulis sa mga ipinakitang media ID at Comelec coverage ID bagkus ay binusisi pa ang mga gamit o ang maliit na bag ng nasabing reporter.

Nakakapagtaka lamang na ang mga residente ng Ricafort St. ay nagduda sa nasabing lalaki sa kabila na nakauniporme na at may mga suot na media ID.

Maaari naman niya o nila (kung sino man ang tumawag sa 199) na harapin at kausapin ang naturang lalaki kung bakit naroon ito sa kanilang lugar.

Nasa teritoryo ninyo kayo o nasa lugar ninyo kayo kaya siguro walang dahilan upang mailing o matakot kayo para harapin at kausapin ang isang lalaki na halos kakapiranggot lang ang sukat (height) at ang nipis pa ng pangangatawan.

Bakit kailangang itawag pa sa 199? Kasunod nga ay ang pagdating ng mobile o mga pulis.

Ang nasabing lugar ay nasasakupan ng MPD Station-7, mobile ba nila ang rumesponde roon?

Iyan po ang ating aalamin.

Heto pa, sino nga ba ang mysterious caller ng 199 o meron nga ba na talagang tumawag?

At, ano naman ang ginagawa o misyon ng nasabing legitimate mediaman sa lugar na iyon?

Pinadala ng kanilang opisina ang nasabing reporter doon dahil sa sinasabing isyu ng vote buying.

Hindi lamang natukoy kung sino sa mga kandidato, sa pagka-chairman o kagawad man, ang nasasangkot sa sinasabing pagbili o pagbenta ng boto.

May vote buying nga kayang naganap? Kung meron man, sinu-sino naman kaya ang nasa likod nito?

Maaari sigurong kumilos at makipag-ugnayan ang Comelec sa kapulisan baka sakaling mayroon silang matuklasan sa naturang lugar.

Habang hindi pa huli ang lahat, sabi nga ng Comelec kahit proklamado na ang mga nanalo ay mapapatalsik pa rin sila sa puwesto kapag napatunayang may ginawang paglabag.

# Walang masakyan pauwi, 3 kabataang estudyante nagtrip motorsiklo tinangay

DAHIL lamang sa “napagtripan”, arestado ng tatlong menor de edad na estudyante matapos na tangayin ang isang motorsiklong hindi naman nila pagmamay-ari nang wala silang sasakyan papauwi sa Ternate, Cavite.

Hawak ng Department of Socail Welfare and Development (DSWD) ang mga suspek na sina Rommel, 17; Michael, 17 at James, 14 (di tunay na mga pangalan), pawang estudyante ng Ternate West High School at Cavite West Point High School at mga residente ng Brgy., Sapang, Ternate Cavite dahil sa reklamo ni Vicente Lizardo, 42 ng Brgy., San Juan 2, Ternate, Cavite.

Sa report ni PO2 Teddy Labampa ng Ternate Municipal Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi noong May 12 nang ipinarada ng isang Ahmed Bin Faisal Lizardo, ang isang kulay pulang Rusi 125 na motorsiklo (7693DE) sa harapan ng bahay ng kanyang kaibigan na si Eloisa Donato sa Kalye Barako, Poblacion 2, Maragondon, Cavite, subalit kinabukasan ay nawawala na ito.

Nakipag-ugnayan ito sa nakakasakop na barangay at sa tulong ng Closed Circuit Television (CCTV) ay nakita sa footage na tinangay ito ng tatlong kabataan .

Dakong alas-4:15 ng hapon, isang concerned citizen ang nakapagsabi na namataan ang tinangay na motorsiklo sa Brgy Sapang 1 Ternate, Cavite kung saan nagasagawa ng operasyon ang Ternate Municiapal Station sa pamumuno ni P/Senior Insp. Alexiz Salvador Tuazon na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek at pagbawi ng nasabing motorsiklo.

Ayon kay Labampa, trip lamang umano ng naturang mga kabataan nang tangayin ang motorsiklo matapos kumain ng lugaw sa isang karinderia .

Kasong motornapping ang isinampa laban sa 3 kabataan. **GENE ADSUARA**


“Malinis Masarap, Laging Bago”

PING-PING Lechon & Rest. Inc.

Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services

Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622

Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668



Look for:
Bong or William